

BOKASYON: Ikalawang Bahagi

Ano ang Iyong Hangad na Aking Gawin?

Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

1. Pagsasabuhay ng Taon ng Pari

Ipinagdiwang natin ang pagsisimula ng taon na nagsara sa unang dekada ng ikadalawampung siglo na itinalaga natin sa espiritu ng utos ni Hesus, “sumusugod sa kailaliman.” Ito ang panahon sa tingin ko para sa atin, dito sa Diyosesis ng Kyoto, na magnilay-nilay kung ano na ang ating nagawa sa loob ng sampung taong pagsisikap na ipatupad ang “sama-samang paggawa para sa misyon.”

Sa taong ding ito, sunod sa tema ng nakaraang taon ‘Ang unang taon ng pagpapalaganap ng bokasyon’, pag-iisipan, ipagdarasal at gagawin ng Diyosesis ng Kyoto ang mga ‘Bokasyon.’ Kasama dito, simula pa nung Hunyo ng nakaraang taon, pananatilihin natin ang ‘Taon ng Pari’, na ipinahayag ng Papa Benedikto XVI bilang paggunita sa ika-150 taon ni Santa John Mary Vianney. Ang mga Pari, kasama na ang mga Obispo, ay matatag na naniniwala na ang pagpapari ay isang handog ng Diyos at walang ibang bokasyon ang maihahambing sa malaya at kusang-loob na pagtupad ng handog na iyon. Hinihimok ko ang lahat na mga pari na matutuhan ang pag-ibig ng ating Panginoong Hesukristo na nagbigay ng kanyang buhay para sa kanyang nasasakupan (flock) at panibaguhin ang kanilang mataimtim na pagpapasiya na ialay ang kanilang buhay bilang mga pastol ng bayan ng Diyos.

2. Ang karanasan ni Maria sa bokasyon

Ang isang taong nagsabuhay nang lubusan [perfectly] ang handog na bokasyon ay si Maria Ina ng Diyos. Upang mapag-iisipan natin ang ating bokasyon, balikan natin ang sagot ni Maria noong kanyang **Pagpapahayag** [Annunciation] (Lukas 1:26-38). Ito ang isang halimbawa sa isang Kristiyano kung paano uunawain at tatanggapin ang isang bokasyon; ito ang daan na sinusunod ng sinumang naniniwala.

Ang pag-uusap naman ng anghel na si Gabriel at ni Maria ay kasama ang tatlong persona ng Trinity: ang Ama, Anak at Espiritu Santo. Una sa lahat, narinig ni Maria ang pagbati: Matuwa ka, O puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon! At saka siya tumanggap ng bendisyon (blessing), “Ang Panginoon ay sumasaiyo.” Sumunod, narinig niya na siya ay manganganak at naliwanagan tungkol sa Anak. At sinabihan siya na ang himalang ito ay mangyayari dahil “Ang Espiritu Santo ay sumasaiyo.” Bilang tugon dito, ang tugon ni Maria ay makikitang nagbabago: siya ay “naguguluhan,” tapos ay gusto pa niyang malaman, “Paano mangyayari ito?, at saka niya tinanggap, “Mangyari na ito na akin.”

3. Ang pagkabigla ni Maria sa pagbati ng Ama

Pumasok ang anghel at nagwika sa kanya, “**Matuwa ka, O puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon.**” Labis siyang nag-alala sa mga salitang ito at tinanong niya ang kanyang sarili kung ano ang ibig sabihin ng pagbating yoon.” ‘Ikaw na biniyayaan ng Diyos’ ay isang bagong pangalan na ibinigay ng Diyos kay Maria, ito ay simbolo ng bokasyon na tinatanggap ni Maria. Ibininigay ng Diyos Ama ang grasya na Kanyang ibibigay sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pagtubos ng Kanyang pinakamamahal na Anak, ang una sa lahat ay kay Maria, na may gawain na maging ina ng Anak ng Diyos, at ang bigyan ito ng lubusang katuparan.

Nag-isip si Maria ng malalim, “ano kaya ang ibig sabihin ng pagbating yon?” Naguguluhan at nabigla siya sa katunayang, sa pamamagitan ng anghel, ang Diyos ay dapat na lumapit ng tahasan sa isang “abang utusan niya” (Lukas 1:48). Alam ng mga tao ang pagiging malapit ng Diyos, ang Kanyang katangian [immanence] – ang katotohanang ang Diyos ay kasama natin – at, kasabay nito, ang Kanyang kalayuan sa atin – ang Kanyang Transcendence. At saka, kailangang malaman natin na tayo ay sadyang mga ginawa niya [created beings] at ang ating kaliitan sa ganyang pag-iral.

Mula sa pagbati ng anghel, nabatid ni Maria ang dalawang bagay. Una ay ang ‘katangi-tanging biyaya’ mula sa Diyos ay ipinapangako; pangalawa, dahil sa biyayang iyon, kinakailangan ang sagot sa bahagi ni Maria mismo sa isang ‘katangi-tanging hiling.’ Bagama’t karaniwan na hinahanap natin ang pagiging kilala ng Diyos, kung kinakausap naman Niya tayo nang tahasan nahihiya tayo sa Kanya. Ito ay dahil sa tayo ang hinihilingan na gumawa ng isang bagay. Ganito rin kay Maria, nangangailangan siya ng panahon para maunawaan kung ano ang hinihiling sa kanya ng Diyos.

4. Ang pagiging tapat ni Maria na nagtanong kung paano niya ipagdadalangtao ang Anak ng Diyos

Pagkatapos ng kanyang pagbati nilinaw ng anghel ang dahilan ng kanyang pagdalaw at ang kahalagahan ng atas sa kanya: “maglililihi ka at manganganak ng isang lalaki.” Sa pagkakadinig nito “Sinabi ni Maria sa anghel: “Paanong mangyayari ito gayong di ako ginagalaw ng lalaki?”

Habang nauunawaan niya na siya ay tumatanggap ng katang-tanging biyaya mula sa Diyos at nakapaghanda na siya sa mga kailangang paghahanda sa pagsagot sa tawag ng Diyos, iniisip pa rin ni Maria na imposible na ang mensaheng kanyang natanggap ay magkakatotoo dahil sa kanyang kalagayan; mahirap isipin na matutupad ang misyon ng anghel sa pamamagitan ng paraan ng tao.

Kahit na siya ay isang birhen na naipagkasundo na ikakasal kay Jose at kaya hindi na siya malaya, gusto pa rin si Maria na pa maniwala nang walang kondisyon na ang kagustuhan ng Diyos ay magagawa at kaya hiniling niya sa anghel kung ano ang kanyang gagawin

upang makasagot nang tama. Sa tahasang pagsasalin sa Griyegong salita sa tanong. “Nguni’t paano ito mangyayari? ay mababasang, “Paano magaganap ang pangyayaring ito?” Ang tapat at walang alinlangang pagtatanong na ito ni Maria ay nagpapakita ng kanyang saloobin. Humihingi si Maria ng mas praktikal na paraan kung ano ang gagawin.

5. Ang lakas ng loob ni Maria na ipinagkatiwala ang kanyang katawan sa Espiritu Santo

Ano ang posibilidad na maipagbubuntis ang ipinangakong Anak? Ito ay hindi maaaring mangyari kung sa tao lamang, nguni’t ang anghel ay nagbigay ng sagot mula sa pananaw ng Diyos: “Papanaog sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan.” Dahil ang anak na ipagbubuntis ni Maria, na naipagkasundo na ikakasal kay Jose, ay ang “Anak ng Kataas-taasan,” ang pagtupad ng milagrong ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng Espiritu Santo na siyang sasapi ay Maria, ay ipinahahayag. Si Maria, na nalalaman kung anong uri ng relasyong may-asawa na dapat niyang pairalin at nasabihan na para sa Diyos may paraan upang ito ay malampan, ay nalalaman ang malinaw na kagustuhan ng Diyos: siya ay sinabihan: “Walang imposible sa Diyos.” Nagtapat siya muli na wala siyang kapangyarihan sa harap ng maka-Diyos na plano: “Ako ang abang utusan ng Panginoon.”

Nagtapat si Maria sa harap ng Diyos na ang pag-iral ng sangkatauhan ay walang iba kundi ang pagkalinga Niya nang buong awa at kaagad na umayon dito. “**Mangyari na sa akin iyon ayon sa Inyong Salita.**” Ang ‘Oo’ ni Maria (sa salitang Hebreyo ‘Amen’ – magkatoo ang anuman sabihin mo) ay ang ‘Oo’ ng naging katawang Salita (Hebreyo 10:5-7), sa ibang salita inaasahan ang ‘Oo’ na sinabi ni Kristo, na siyang may katungkulan sa kalayaan ng tao, upang maisakatuparan ang kagustuhan ng Diyos.

6. Pagsasabi ng ‘Amen’ sa aking bokasyon, pagsasabi ng ‘Amen’ sa buhay

Ang karanasan ni Maria sa Pagpapahayag [Anunciation] ang pinakatamang huwaran ng ‘Amen’ na dapat nating isagot kapag naririnig natin at pinananatili natin ang kagustuhan ng Diyos. Ang panganganak at pagpapalaki ng anak ay karaniwang pangyayari sa tao. Ipinagkatiwala ng Diyos Ama ang kaligtasan ng sangkatauhan sa pangyayaring yon. Nililinaw ng Salita ng Diyos ang malalim na kahulugan ng mga bagay-bagay na nangyayari sa ating buhay, at sa pamamagitan ng pagkilala at pagbibigay ng direksyon ay hinuhugot ang kahulugang iyon para sa mga tao sa iba’t-ibang pagpapasya na kanilang ginagawa sa araw-araw na buhay. Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng kapangyarihan upang maunawaan kung ano ang hinihiling ng Diyos Ama sa atin, ang nagbibigay buhay sa Salita ng Diyos at iniaayon iyon sa katotohanan.

Nguni’t ang pagtupad ni Maria ng kanyang bokasyon ay hindi madaling bagay; kasama dito ang malaking paghihirap at pang-aapi. Sa hula ni Simon: “Paglalagusan naman ng isang punyal ang puso mo.” (Luke 2:35). Maaari nating sabihin na ang bokasyon na tinanggap ni Maria ay nagpapatotoo sa pagsasabi ng ‘Amen’ sa mga sakripisyo at mga

paghihirap na kasama sa pang-araw-araw na buhay na ibinubuhay nang may pagmamahal, at ang mga tao ay makakasama sa plano ng Diyos tungkol sa kaligtasan (salvation).

7. Ang Karanasan ni Jose sa Bokasyon

Hindi lamang kay Maria ipinagkatiwala ng Diyos ang Kanyang plano para sa kaligtasan. Hindi natin dapat kalimutan ang bokasyon ni Jose na tumulong kay Maria sa kanyang bokasyon. Dahil sa alam niyang nagdadalang tao na si Maria na naipagkasundo na ikakasal na sa kanya at nag-aalala siya kung itutuloy pa niya ang kasal nila, sinabihan si Jose ng anghel na ang lahat ay naaayon sa plano ng Diyos. Sa panahong iyon, may napansin siyang mahalagang bagay, “Iniisip mo ba Jose na si Maria lamang ang kasama sa plano ng Diyos para sa kaligtasan? Hindi lamang si Maria ang tinawag ng Diyos, ikaw din ay tinawag Niya.” Natanto niya na siya ay binigyan ng tungkulin bilang ‘katiwala’ na mangangalaga sa Anak ng Diyos na ipagdadalang-tao ni Maria.

Pagkatapos niyang madaig ang kanyang pakiramdam ng pagkakaroon ng krisis at pakikipagsapalaran, tinupad ni Jose ang kanyang bokasyon nang walang kahit isang daing. Pagkatapos isilang si Hesus, tinulungan niya ang buong pamilya na magtago panandali sa Ehipto upang maiwasan ang pagpatay ng hari sa mga tao na nabalaan siya sa kanyang panaginip. Palagi siyang sumusunod sa wika ng Diyos na nagsalita sa kanya sa pamamagitan ng kanyang puso. Bago siya kumilos sa utos sa kanya na hindi maisisiguro kung tunay na maisasagawa o hindi, basta na lamang niyang ibinigay ang kanyang sarili sa problemang hinaharap at tinanggap ang atas na ipatupad ito.

8. Ang plano ng Diyos para sa kaligtasan at ang lugar ng bokasyon

Nung isinakatuparan na ng Diyos ang Kanyang plano para sa kaligtasan, pinili Niyang hingin ang pakikipagtulungan ng sangkatauhan. Ang bibliya ay nagsasabi ng kasaysayan ng kaligtasan bilang kasaysayan ng bokasyon, na nagsala-salabit (intertwined) ang pag-anyaya ng Diyos at ang sagot ng sangkatauhan. Sa katunayan, ang bokasyon nina Abraham, Moses at ng mga Propeta, kasama na rin ang mga disipulo ni Hesus ay sinasabi sa bibliya na umusbong sa pagtatagpo ng dalawang kalayaan: ang kalayaan ng Diyos at ang kalayaan ng sangkatauhan. Ang taong isa-isang tinawag, inanyayahan sa pamamagitan ng salita ng Diyos ay nag-alay ng kanilang tulong sa gawain Niya.

Sa ganitong paraan nagsisimula ang paglalakbay ng pananampalataya. “**Kung may ibig sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus para sumunod sa akin.**” (Mateo 16:24) Ang sumusunod sa ganitong Daan ay hindi dumadating ng walang paghihirap at pagsubok; dinadala natin yon bilang sariling krus. Sa kabilang banda, sa paglalakbay ng bokasyon ang mga bagay na ito ay tumutungo sa palalim na palalim na paglapit sa Diyos upang palagi nating maibigay ang sarili sa Kanyang kagustuhan; sila ang naghuhubog sa atin bilang disipulo.

9. Pag-isipan Natin, sa Loob ng Simbahan, ang Tungkol sa Ating Sariling Bokasyon

Pagkatapos natin malaman ang bokasyon ni Maria, tingnan naman natin ang ating mga bokasyon. Pag-isipan natin lalo na ang ating bokasyon sa kabuuan ng ating relasyon sa kasalukuyang Simbahan. Ang handog ng Panginoon ay ang paggawa Niya bilang **“mga apostol [sa] ilan, at mga propeta ang iba, at mga ebanghelista ang iba pa, o tagapamahala o mga tagapagturo. Ganoon nga hinuhubog ang mga banal para sa paglilingkod at pagtatayo ng katawan ni Kristo, hanggang marating nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at ng pagkakilala sa Anak ng Diyos, at marating ang Ganap na Tao, na ang nasa kaganapan nito ay ang kapuspusan ni Kristo.”** (Efeso 4:11-13)

Ang iba't-ibang bokasyon ay isinilang at inalagaan sa loob ng Simbahan; ang iba't-ibang uri ng handog na ating natanggap mula kay Kristo (Efeso 4:7) ay nagbubunga kapag pinagsasama sa Simbahan. Sa ganitong paraan, ang relasyon ng isa't-isa sa Bayan ng Diyos bilang mga kasapi ng Simbahan, na siyang katawan ni Kristo, ay lumalabas. Bawa't Pari, Relihiyoso, at Lay Christian bilang kasapi ng “Pagkakapatiran ng Simbahan” ay tinatawag na kumilos sa pagsasakatuparan ng Kaharian ng Diyos; nakatanggap sila ng iba't-ibang uri ng biyaya [charisms] at ministeryo upang magkatulungan ang bawa't isa.

10. Ang Komunidad na Nagpapasigla ng Bokasyon

Dahil ang bokasyon ay nangyayari sa Simbahan at naaayon sa batayan na sa pamamagitan ng biyaya ay malayang nakaka-akit ng tao sa Kanyang sarili ang Diyos, ang Kristiyanong komunidad ay may mahalagang gawain, sa pakikipagtulungan sa Diyos, na hanapin ang bokasyon sa mga kasapi, lalo na sa mga bata, upang maisabuhay nila ang mga bokasyong iyon.

Kahit na ang iba't-ibang bokasyon at paraan ng kanilang pag-unlad ay isang personal at katangi-tanging bagay, makakasigurong mahihikayat natin ang paglaki at pag-unlad ng bokasyon ng ibang tao. Dapat nating tingnan ang bokasyon ng sinoman bilang handog sa komunidad, at ang komunidad ay dapat na may kakayahang gamitin ang bokasyong iyon para sa Simbahan. Ang Simbahan ay hindi kailan man naging lugar para ipagyabang ang kani-kaniyang gawain o para sa gawaing pagkamasarili. Sa katunayan, upang maging isang nagkakaisa at nag-e-ebanghelyong komunidad, na may pagtitiwala sa bawat't isa at pagmamahal, ang mga pari at *laity* ay nagtutulungan ng may kagandahang loob na kilalanin ang kani-kaniyang bokasyon ng mga kasapi ng Simbahan.

11. Ang Bokasyon ng mga Kristiyanong Lay sa Mundo

Ang daan ay bukas para sa mga Kristiyanong *lay* na gawin ang iba't-ibang uri ng gawain pang-ispiritwal at pangpastoral. Ang tanging katangian ng pagiging isang Kristiyanong

lay ay ang “pamumuhay sa mundo” nguni’t sa mga Kristiyanong *lay* hindi hiwalay ang “buhay Ispiritwal” at ang “pamumuhay sa mundo.” Ang kanila ring buhay pananampalataya, ang pamilya at pinagtatrabahuhan, ang kanilang gawain sa lipunan, ang kanilang mga tungkulin bilang mamamayan, at ang mga gawaing pangkultura – lahat ng mga iba’t-ibang bagay na ito – ay kasama sa plano ng Diyos. Gusto Niya na ang lahat ng bagay sa buhay ay maging “sakop [sphere] ng gawain” na ang karangalan [glory] ay maibibigay sa Diyos na siyang gumawa sa atin at Ama, kasama din ang “sakop ng gawain” na ang pagmamahal ni Kristo ay gumagalaw sa pamamagitan ng ating pagmamahal at sa tulong ng ibang tao. Ang mga Kristiyanong *Lay*, bagama’t nagsusumikap para sa kaligtasan ng mga taong nakapaligid sa kanila na hindi pa nakikilala si Kristo bilang Tagasagip sa sangkatauhan, ay tinutupad ang kanilang mga tungkulin sa mundong ito bilang tugon sa kanilang sariling bokasyon.

12. Isang Mensahe para sa mga Kabataan

Sa lahat na mga kabataan, kailangan ni Kristo ang inyong kabataan at may kagandahang loob na pananabik [enthusiasm] sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos. Ang lahat ng kabataan ng Japan, na napapalibutan ng hindi matiyak na panlipunan kapaligiran, na nag-alala sa kanilang hindi maunawaang gulo sa isip at pagkawala ng pag-asa, ay maaaring mahirapang makita ang kanilang buhay bilang adhikain o plano.

Dahil ganito ang kanilang nararamdaman, sila ay maramdamin [sensitive] sa mga kawalan ng hustisya sa mundong ito: hindi pagkakapantay-pantay, karahasan, at ang pagsira sa kapaligiran. Pakisuyo, na namulat na sa Salita ng Diyos, pakinggan ang sigaw ng mundong uhaw sa katotohanan at katarungan at pag-isipan ang posibilidad ng inyong bokasyon. Ang Diyosesis ng Kyoto ay may mga proyekto para maranasan at malaman ang kalagayan sa ibang bansa at para sa mga pamboluntaryong gawain. Pag-isipan ninyo ang kagandahan ng pagharap sa maraming pagsusubok habang ibinibigay ang sarili sa ibang tao. Hindi kayo pipigilan ni Kristo sa inyong mga inaasahan at plano. Bagkus, bibigyan Niya kayo ng kahulugan ng inyong pag-iral at pupunuan niya kayo ng masayang buhay.

13. Dasal para sa mga Bokasyon

Ang tunay na bokasyon ay nagmumula sa Diyos. Hindi ito isang bagay na nagmumula sa tao, lalo pang hindi maaaring gawin natin pagplanuhan ang paglago ng ispiritu ng tao. Hindi matatanggap ng tao ang tawag ng Diyos sa pamamagitan lamang ng kanilang sariling lakas, o maipipilit ito sa kanila. Dahil nga dito kaya dapat tayong magdasal para sa bokasyon, kahit hindi natin alam kung para kanino ang ating pagdarasal, na humihingi ng katangi-tanging biyaya na mapabigay doon sa tinatawag ng Diyos upang matuloy ang kanilang pagkilala at pagtugon sa kanilang bokasyon.

Ang pinipili ng Diyos, “Marami ngang talaga ang tinawag pero kaunti ang pinili” (Mateo 22:14), ay nagbibigay kahulugan sa Kanyang gawa na kinakailangan para matanto ng tao mismo na sila ay tinatawag. Ang pagdarasal para sa bokasyon ay paghiling sa pagpili ng

Diyos upang ang mga tao na nakakaramdam sa imbitasyon ng Diyos ay maging matapang sa pagtanggap nito, kahit na sila ay kaguguluhan o hindi sigurado tungkol dito.

Tayong lahat, na sa taong ito ay nagpapatuloy na nagbibigay-diin sa temang 'Bokasyon,' ay maghanap muli kasama ng pananampalataya sa ating sariling bokasyon at matapat nating sundin ito, mabuhay sa ispiritu ng pagtulong at pagbibigay ng sarili para sa Simbahan at Lipunan, at ang paghingi ng tulong ni Maria ang Ina ng Diyos. At gusto kong ang lahat sa Diyosesis ng Kyoto, "Nagkakaisa sa puso at isip" (motto ng Obispo) na gawin ang ating misyon sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

Enero 1, 2010
Pista ni Maria Ina ng Diyos